



PAMPUBLIKONG PAHAYAG

16 Enero 2020

BAGONG MGA PAGTATASA SA HALAGA NG LUPA SA NSW

Nakumpleto na ng Acting Valuer General ng NSW ang mga halaga ng lupa para sa bawat parsela ng lupa sa buong NSW. Ang mga halaga ng lupa ay sumasalamin sa halaga ng lupa lamang, mula 1 Hulyo 2019.

Ang mga Abiso sa Pagtatasa ay iiisyu nang unti-unti sa mga may-ari ng lupa mula 15 Enero hanggang sa katapusan ng Abril 2020.

"Batid ko na ang pagbibigay ng bagong mga abiso ng pagtatasa sa panahong ito ay maaaring maging sanhi ng pagkabalisa sa ilang mga may-ari ng propyedad na naapektuhan ng mga bushfire kaya naman ipagpapaliban namin sa Abril ang pagbibigay ng mga abiso sa mga rehiyon na naapektuhan ng bushfire," ayon sa Acting Valuer General na si Paul Chudleigh.

"Ang mga tao sa mga komunidad na naapektuhan ng bushfire ay nagdurusa. Marami ang dumanas ng pinsala sa propyedad o nawalan ng mga tahanan, at ang iba ay nawalan din ng mga mahal sa buhay. Marami ang maninirahan nang matagal-tagal pa sa mga lugar na napinsala kasunod ng kalunus-lunos na mga pangyayaring ito. "

Ang mga halaga ng lupa ay tinasa ng independiyenteng kontratadong mga tagatasa batay sa halaga ng lupa simula 1 Hulyo 2019 kasunod ng pagsusuri sa mahigit sa 57,000 na naibenta sa buong estado. Sisiguruhin pagkatapos ang kalidad ng mga pagtatasa ng mga tagatasa mula sa Property NSW.

Sa kabuuan, ang halaga ng lupa ay bumaba sa buong NSW ng 5.4% hanggang \$1.73 trilyon sa loob ng 12 buwan bago ang 1 Hulyo 2019.

Ang mga pagbaba ay naitala para sa mga residensyal na lupain sa Sydney at ilang mga baybaying lugar, at may ilang mga rehiyon na nakakaranas ng bahagya hanggang katamtamang mga pagtaas. May mga pagtaas sa halaga ng lupang pang-komersyo, pang-industriya at rural sa buong NSW.

Sa kabuuan, ang mga halaga ng rural na lupa ay tumaas sa kabila ng tagtuyot. Ang pagtaas ay nagpapakita ng malakas na kahilingan (demand) para sa mga presyo ng stock at kalakal, mabuting imprastraktura ng daan, proyekto ng inland na tren at limitadong suplay ng rural na mga propyedad sa merkado.

Ayon kay Ginoong Chudleigh ang mga pagtatasa sa halaga ng lupa ay isinasagawa taun-taon at ang bagong mga pagtatasa ay isasagawa sa 1 Hulyo 2020 upang sumalamin sa anumang epekto ng mga bushfire sa mga apektadong lugar.

Ang mga halaga ng lupa ay ibibigay sa Revenue NSW para sa mga layunin ng buwis sa lupa at maaaring makuha ng mga lokal na konseho para sa mga layunin ng rating.

"Napakaaga pa sa puntong ito para matukoy ang anumang epekto ng mga apoy sa mga halaga ng propyedad, at sa kasamaang-palad ang panahon ng bushfire ay matatagalan pang matapos," sabi ni Mr Chudleigh.

"Gayunpaman, ako ay humiling ng aming mga tagatasa na subaybayan nang husto at mag-ulat sa merkado para sa lupa sa mga apektadong lugar sa sandaling ang merkado ay naging matatag na."

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang valuergeneral.nsw.gov.au o tumawag sa 1800 110 038.